



ANO ANG ANYO NG PANG-AABUSO SA FOOTY?

Maaaring iba ang anyo at pakiramdam ng pang-aabuso para sa iba't ibang tao. Mayroong iba't ibang mga uri ng pang-aabuso, nangyayari ito sa iba't ibang mga kapaligiran at iba't ibang mga tao ang naaapektuhan. Ang ilang mga paraan at lugar na maaaring pangyarihan ng pang-aabuso sa isport ay kinabibilangan ng:

- habang nasa footy – sa pagsasanay, bago, habang o pagkatapos ng mga laro, sa mga event (kaganapan) sa club, o sa pamamagitan ng mga ugnayan sa iyong club
- paglalakbay papuntang laro ng footy – sa isang kotse o bus
- habang nasa kampo, karnabal o magdamagan na mga footy trip
- mula sa mga gilid (sidelines).

Maaari itong mangyari sa pagitan ng dalawa o mas marami pang tao kabilang ang:

- isang bata sa isang bata
- isang kabataan sa isang bata
- isang kabataan sa isang kabataan
- isang taong nasa hustong gulang at sa isang bata
- isang taong nasa hustong gulang at sa isang kabataan.

Bukod pa rito, maaaring makaranas ng pang-aabuso ang isang bata o kabataan sa ibang lugar, pero komportable siyang sabihin ito sa isang taong pinagkakatiwalaan niya sa kaniyang club, o nakikitaan siya ng mga palantandaan ng pang-aabuso ng isang tao sa kaniyang club.



MGA KAHULUGAN

Ang Bata: ay isang taong kasama sa footy na 12 taong gulang o mas bata – kadalasan ay isang manlalaro ngunit maaari ring kapatid ng isang manlalaro o anak ng isang nasa hustong gulang sa club.

Ang Kabataan: ay isang taong kasali sa footy na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 taong gulang – karaniwan ay isang manlalaro ngunit maaari ring isang reperi (umpire) o may ibang tungkulin sa club, o isang kapatid o anak ng isang manlalaro.

Ang taong nasa hustong gulang: ay isang taong kasama sa footy na mahigit sa 18 taong gulang – ito ay maaaring isang coach, manager, umpire, opisyal ng club, kawani ng AFL, volunteer, at/o isang magulang.

IBA'T IBANG ANYO NG PANG-AABUSO

PISIKAL NA PANG-AABUSO

Anumang ikinikilos na gumagamit ng pisikal na puwersa na nakakasakit sa isang bata o kabataan. Kabilang dito ang panghahampas, pambubugbog, pagsipa, pag-alog, pagkagat, pagsakal, pagpapaso, pagsunog, paglason, pagpigil para hindi makahinga.

SEKSWAL NA PANG-AABUSO

Anumang pag-uugaling sekswal, at dahilan upang ang isang bata o kabataan ay maging hindi komportable, nanganganib o natatakot, o isang pag-uugaling labag sa batas.

Kabilang dito ang pisikal na paghipo at pakikipag-usap tungkol sa mga sekswal at pribadong bagay nang harapan o online, o pagpapakita sa isang tao ng mga video o larawan na sekswal o pribado, o paghiling sa isang tao na magpadala ng pribado o sekswal na mga video sa ibang tao.

GROOMING

Isang uri ng sekswal na pang-aabuso, maaring kabilang dito ang:

- kumikilos sa paraang pinipili o kinukursunada ang isang bata o kabataan
- pagkakaroon ng oras na silang dalawa lang ng isang bata o kabataan
- naghahanap ng mga paraan para makasama ang isang bata o kabataan nang malayo sa ibang mga taong nasa hustong gulang.

Maaari itong mangyari sa pagitan ng isang taong nasa hustong gulang at isang bata o kabataan o sa pagitan ng dalawang magka-edad. Maaring sa pakiramdam mo ay normal na pag-uugali lang ito pero hindi ito nangyayari sa iba.



EMOSYONAL NA PANG-AABUSO

Ang paggamit ng mga salita o mga kilos na maaring magdulot ng sama ng loob, kalungkutan, pagkapahiya, napag-iiwanan, pag-aalala, pagkalito, kahihiyan, pagkabalisa o pagbabanta sa isang bata o kabataan.

KAPABAYAAN

Kapag ang isang taong nasa hustong gulang ay hindi nagbibigay sa isang bata o kabataan ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, tirahan, angkop na damit, pangangasiwa, edukasyon at mga serbisyong pangkalusugan.

PAMBU-BULLY


Ang pambu-bully ay ang hindi naaangkop na paggamit ng kapangyarihan ng isang tao o ng maraming tao laban sa isang taong hindi gaanong makapangyarihan at sa pangkalahatan ay isang kilos na paulit-ulit na nangyayari sa mahabang panahon. Maaring kabilang sa pambu-bully ang:

- pasalita (pagbabansag, panlalait, pagbabanta)
- pisikal (paghampas, pagsuntok, pagsipa, pagkalmot, pagtisdod, pagdura)
- pagsalamuha (binabalewala, hindi isinasama, hindi isinasali); at/o
- sikolohikal (pagkakalat ng mga tsismis, paniniktik, pagtingin nang masama, pagtatago o paninira ng mga ari-arian).

MGA HALIMBAWA SA FOOTY

- Isang coach na nagpapadala ng mga personal na mensahe sa WhatsApp sa hating-gabi sa mga manlalaro na 13 taong gulang sa kaniyang team.
- Ang manager na laging pinag-iinitan ang isang manlalaro sa harap ng iba pang miyembro ng team at nagkokomento na kulang ang kaniyang galing para mapabilang sa team at dapat ay naglalaro ito sa mas mababang baitang.
- Ang U21 captain na nagsabi sa baguhang manlalaro na 17 taong gulang na kailangan niyang 'mabinyagan (initiate)' sa team at hinihikayat ang iba pang mga manlalaro na 'tirahin siya' pagkatapos ng pagsasanay.

- Isang magulang na tumutulong sa isang pagbibiyahang sa ibang estado at sa tingin niya ay cool ang magpalabas ng porno sa hotel pagkatapos ng laro para sa mga miyembro ng team na 13 taong gulang.
- Isang manlalaro na nagbabahagi ng mga hubad na larawan ng kanyang kasintahan sa kanyang mga ka-teammate.
- Isang tumutulong na magulang na humihipo ng katawan ng isang bata nang higit sa dapat kapag tinuturuan kung paano gawin ang isang kasanayan (skill).



MGA PAG-UUGALI NG IYONG MGA MATE NA NAGBIBIGAY SA IYO NG ALALAHANIN

- Lumalayo, hindi karaniwang pananahimik o pagliban
- Marahas at agresibo
- Ayaw umuwi ng bahay o ayaw pumunta sa footy
- May mga pasa o iba pang mga sugat
- Umiiwas makilahok o ayaw mapag-isa na kasama ang isang partikular na tao
- Gumugugol ng mas maraming oras sa isang partikular na tao, kaysa sa iba, habang nasa footy o sa labas ng footy.

ANG MGA PAG-UUGALING GANITO AY MAAARING NAGSASABI SA IYO NA SILA AY

- Nakakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya mula sa isang tao sa footy club o team
- Nakakaranas ng pambu-bully o panggugulo habang nasa praktis o laro
- Nakakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bahay o sa ibang lugar tulad ng paaralan
- Nangangailangan ng suporta tungkol sa pisikal o mental na kalusugan
- Nahihirapang lumahok dahil sa pakiramdam na hindi siya ligtas sa kultura, hindi kabilang sa lipunan, may kahirapan sa pagkatuto o may kapansanan.

MGA PAG-UUGALI NG MGA TAONG NASA HUSTONG GULANG SA FOOTY NA MAAARI MONG IPAG-ALALA

- Ang pagiging malihim o humihiling sa iyo o sa iyong mga teammate na magtago ng mga sikreto
- Pinipili ang ilang manlalaro – pinapaboran ang ilang mga kabataan
- Nag-aalok ng tulong na higit pa kaysa karaniwan – paghahatid sa bahay, one to one na pag-coach
- Pagkontak sa iyo o sa iyong mga teammate tungkol sa mga bagay na walang kinalaman sa footy
- Kinakaibigan ang iyong mga magulang at humahanap ng mga paraan para magkaroon kayo ng oras na magkasama, o sila ng isang ka-teammate
- Hindi pinapansin o binabalewala ang mga simpleng patakaran o mga inaasahan
- Pagbibiro na sekswal, pagtatanong tungkol sa mga relasyon o pagpapakita o paghingi ng mga pribadong larawan
- Gumagawa ng mga sitwasyon kung saan kailangan ang pisikal na paghipo, sa labas ng normal na contact sa isport, tulad ng mga pagmamasaha.



MAGSALITA KA

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iba pang bata o kabataan, o nakakita o nakarinig ka ng isang bagay na parang hindi tama, mahalagang magsalita ka:



Makipag-usap sa isang magulang, tagapag-alaga, miyembro ng pamilya o pinagkakatiwalaang taong nasa hustong gulang tulad ng isang coach, tagapamahala ng team, reperi, opisyal o kinatawan ng club.



Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.



Gamitin ang QR code na ito para maipalam ang iyong alalahanin sa AFL.



Ang mga ganitong uri ng pag-uugali ay hindi OK.



Para sa anumang tanong tungkol sa safeguarding, mag-email sa childsafety@afl.com.au
Kontakin ang Kids helpline sa 1800 55 1800 (wala itong bayad) o www.kidshelpline.com.au

Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa 000

Tandaan, gusto namin na lahat ng mga bata at kabataan sa footy ay maging ligtas, makaramdam na ligtas, maglaro nang ligtas.